**KUNG KAILANGAN MO NG TULONG O NANINIWALANG MAY NANGANGAILANGAN NG TULONG, MAARING TUMAWAG SA:**

**1-888-3737-888**

**Pambansang Sentro ng Tulong sa Pangangalakal sa Tao**
**[Ugnay sa deretsahang pag-uusap na laging bukas 24 oras araw-araw)**

## Ano ang mga susunod na mangyayari?

Makikipag-ugnayan sa iyo ang Espesyalista sa Biktima ng FBI habang sinisiyasat ang iyong kaso. Mahalaga na makipagtulungan ka sa Espesyalista sa Biktima upang makakuha ka ng mga bagong ulat tungkol sa kaso, mabigyang pansin ang anumang pag-aalaala mo tungkol sa kaso, at maging panatag ang iyong karanasan sa proseso ng hustisya krimen. Para sa iba pang kaalaman, mangyaring makipag-ugnay sa iyong lokal na Espesyalista sa Biktima ng FBI o sa Ahente ng Kaso:

**Espesyalista sa Biktima:**

______________________________

______________________________

**Telepono:**

______________________________

______________________________

**Espesyal na Ahente:**

______________________________

______________________________

**Telepono:**

______________________________

______________________________



Federal Bureau of Investigation
Office for Victim Assistance
J. Edgar Hoover Building, Room 3329
935 Pennsylvania Avenue, NW
Washington, DC 20535
(202) 324--3000

www.fbi.gov/stats-services/victim_assistance



*Ang paghahanda sa polyetong ito ay bahagyang itinaguyod ng Opisina ng mga Biktima ng Krimen, Opisina ng mga Programang Panghustisya, Kagawaran ng Hustisya ng Estados Unidos. Ang mga kurukuro, mga kinalaman, at mga kapasiyahan na ipinahayag sa polyetong ito ay nagmula sa mga may akda at hindi kinailangan na magmula sa opisyal na paniwala mga patakaran ng Kagawaran ng Hustisya ng Estados Unidos.*


**Kagawaran ng Hustisya ng Estados Unidos**
Pederal na Kawanihan ng Pagsisiyasat
*Opisina para sa Tulong sa Biktima*



# TULONG PARA SA MGA BIKTIMA NG PANGANGALAKAL SA MGA TAO

**Tulong para sa mga Biktima ng Pangangalakal sa mga Tao**

Ang kalayaan ay isa sa mga mahalagang karapatan na maibibigay sa bawat tao. Walang sinuman ang maaring pilitin o puwersahin na gumawa ng laban sa kanilang kalooban. Sa kasamaang palad, ang pagsasagawa ng makabagong uri ng pang-aalipin ay makikita sa ating kapaligiran ngayon. Ang Pangangalakal sa mga Tao ay isang paglabag sa batas na pederal ng mga karapatang sibil. Sinisiyasat ng FBI ang mga ganitong uri ng krimen bilang isa sa pangunahing mga karapatang sibil na tungkulin upang mapangalagaan ang mga maaring maging biktima ng ganitong sala.

**MAARING IKAW AY BIKTIMA NG PANGANGALAKAL SA MGA TAO KUNG MAYROONG:**

- *pumilit* sa iyo na magtrabaho ng laban sa iyong kalooban;
- lumikom ng isang utang sa pamamagitan ng paggamit ng mga *banta o pagpilit* sa iyong magtrabaho upang mabayaran ang utang;
- *pumilit* sa iyong magtrabaho gamit ang mga *banta na makapipinsala* sa iyo at/o sa iyong pamilya;
- *pumilit* o gumipit sa iyo na pumasok sa prostitusyon o paggawa ng iba pang sekswal na mga akto;
- kumuha ng iyong pasaporte, sertipiko ng kapanganakan, o tarheta ng pagkilala [identification card] upang *masupil o mabawasan* ang iyong mga paggalaw.

Kung alinman sa mga bagay na ito ay nangyari sa iyo, maaring ikaw ay biktima ng isang malubhang krimen. Kung nararamdaman mo na ikaw ay nasa panganib, tumawag sa lokal na tagapagpatupad ng batas, sa FBI, o sa 911.

**Mga Mapagkukunan ng Tulong para sa mga Biktima**

Bawat ahensiya ng pagpapatupad ng batas pederal ay may tauhan na maaaring makatulong sa mga biktima ng krimen at makasagot sa kanilang mga katanungan. Ang FBI ay may mga Espesyalista sa Biktima na mga propesyonal na sadyang sinanay na tumulong sa ahente ng FBI sa pagsasagawa ng imbestigasyon. Tutulungan nila ang mga biktima sa pamamagitan ng pagbibigay ng suporta, impormasyon, at mga kasangguni sa mga mapagkukunan ng tulong sa komunidad.

Ang mga pangunahing tungkulin ng Espesyalista sa Biktima ay: ang kapakanan ng mga biktima; ang patuloy na pagpapa-alam sa mga biktima ng kaalaman tungkol sa kanilang kaso; at ang pagtulong sa mga biktima na matamo ang kanilang kalayaan.

**KUNG IKAW AY MAMAMAYAN NG ESTADOS UNIDOS O LEGAL NA PERMANENTENG NANINIRAHAN SA ESTADOS UNIDOS**

Ang mga mamamayan ng Estados Unidos o ang mga legal na permanenteng naninirahan sa Estados Unidos ay maaring maalipin sa loob o sa labas ng hangganan ng Estados Unidos. Labag sa Pederal na batas ukol sa mga karapatang sibil ang pangangalakal sa mga mamamayan ng Estados Unidos o sa mga legal na permanenteng naninirahan sa Estados Unidos. Bilang isang mamamayan o legal na permanenteng naninirahan, maaari kang tumanggap ng mga serbisyo at mga benepisyo kung ikaw ay napatunayan na biktima ng pederal na krimen.

**KUNG IKAW AY HINDI LEGAL NA NANINIRAHAN SA ESTADOS UNIDOS**

Maari kang magkaroon ng karapatan na manatili sa Estados Unidos sa loob ng isang tukoy na panahon ayon sa iyong sariling kalagayan. Kung ikaw ay mapatunayan na isang biktima ng pangangalakal sa mga tao, ang batas ay gumagarantiya ng mga tiyak na mga benepisyo at mga serbisyo.

Maaring may mga pandarayuhang serbisyo na maibibigay sa iyo. Mahalagang makipag-usap sa isang abogadong pandarayuhan o sa isang samahan sa komunidad na makapagpapayo sa iyo kung ano ang iyong mga mapagpipilian. Makatutulong ang iyong Espesyalista sa Biktima pakikipag-ugnayan sa mga mahalagang tulong sa komunidad at pabigay ng mga sangguni sa walang bayad o murang abogado.

**ANUMAN ANG IYONG LEGAL NA KALAGAYAN, MATUTULUNGAN KA NG ESPESYALISTA SA BIKTIMA NA MAKAHANAP NG:**

- Pagkain, damit, at matutuluyan;
- Tulong medikal, kasama na ang pagsuri at bakuna para sa STD/HIV/TB;
- Serbisyo ng tagapagsalin sa ibang wika;
- Serbisyo para sa kalusugang pangkaisipan at pagpapayo;
- Legal/pandarayuhang tulong;
- Transportasyon;
- Pangangalaga sa bata;
- Seguro para sa kalusugan; at/o
- Mga palingkuran ukol sa pag-aaral at trabaho.